
Aralin 3 para sa ika-18 ng Hulyo, 2026



# PAGKAKAISA KAY KRISTO


“Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi; kundi kayo'y mangalubos sa isa lamang pagiisip at isa lamang paghatol” (1 Corinto 1:10)

Matapos batiin ang mga taga-Corinto at purihin sila sa kanilang paglago sa espiritwal, tinalakay ni Pablo ang una sa mga problemang nakakaapekto sa iglesiang iyon: ang kakulangan sa pagkakaisa.

Sa buong liham sa mga taga-Corinto, at sa ibang sinulat ni Pablo, makikita natin kung paano sya nagbigay ng gabay upang malutas ang problemang ito, na makakaapekto rin sa mga iglesia ngayon.

Isang punto ang malinaw sa umpisa: hindi makukuhang pagsisikap ng tao ang pagkakaisa sa. Tanging sa pagtuon natin kay Jesus makakaranas tayo ng pagkakaisa.





- Mga problemang nagdudulot ng pagkakahati:
  - Pagkakabahagi at mga pagtatalo
- Paano mapanatili ang pagkakaisa:
  - Pagkakaisa kay Jesus
  - Karunungan at pagiging husto sa gulang
  - Paglilingkod at kababaan
  - Paggalang sa mga pinuno

# MGA PROBLEMANG NAGDUDULOT NG PAGKAKAHATI

# PAGKAKABAHAGI AT PAGTATALO

"Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi; kundi kayo'y mangalubos sa isa lamang pagiisip at isa lamang paghatol." (1 Corinto 1:10)



**Anu-ano ang mga pagkakahati sa iglesia ng Corinto (1 Cor. 1:12)?**

Iba-ibang mga pinuno ang nanguna sa Corinto, at bawat mananampalataya ay may sariling piboritong mangangaral (Pablo, Apolo, Pedro...) Umabot ito sa punto ng pagtatalo sa pagitan nila (1 Cor. 1:11).



Hindi nila naalala na iisa lang ang kanilang mensahe, nakatuon sila sa hindi mahahalagang aspeto (1 Cor. 3:5-8).

Unti-unti, ang buhay ng iglesia ay naapektohan (1 Cor. 3:3). Ang kakulangan sa pagkakaisa ay nakasira sa pagdiriwang nila ng Hapunan ng Panginoon (1 Cor. 11:33), at humantong pa sila sa paghahabla ng bawat-isa sa korte (1 Cor. 6:1).






# PAANO MAPANATILI ANG PAGKAKAISA

# PAGKAKAISA KAY KRISTO

"Ang Dios ay tapat, na sa pamamagitan niya ay tinawag kayo sa pakikisama ng kaniyang anak na si Jesucristo na Panginoon natin."
(1 Corinto 1:9)



"Nahahati ba si Kristo? Napako ba si Pablo para sa iyo? O nabautismuhan ba kayo sa pangalan ni Pablo?" (1 Corinto 1:13). Sa mga tanong na ito, nais ni Pablo na magbulay-bulay sila.

Mararanasan lamang natin ang pagkakaisa sa pagtanggap natin kay Jesus bilang Panginoon. Hindi natin nararanasan ang pagkakaisa sa pagsunod sa mga kaisipan o ideya ng isang kapatid, o sa paglikha ng exclusibong grupo.

At ang pagkakaisa kay Jesus ay hindi pagkakapareparehо. Hindi ito nangangahulugang magkaroon tayo ng parehong kaisipan sa lahat ng bagay, o pareho ang paraan ng ating paggawa.

Maliliit na pagkakaiba sa opinyon, ang iba't-ibang kaloob ng bawat isa, kung ito ay nakasentro kay Kristo, sa halip na magdulot ng pagkakahati, ay nagdudulot ng pagkakaisa (1 Cor. 12:12-13, 25, 27).

Ang pagkakaisa sa iglesia ay mararanasan lamang sa pagkamatay sa sarili at pagkabuhay para kay Jesus.

# KARUNUNGAN AT PAGIGING HUSTO SA GULANG

"At ako, mga kapatid, ay hindi nakapagsalita sa inyo na tulad sa mga nasa espiritu, kundi tulad sa mga nasa laman, tulad sa mga sanggol kay Cristo." (1 Corinto 3:1)

Tinatawag ni Pablo ang mga kristyanong kulang pa sa edad na, "mga sanggol kay Kristo," "" (1 Corinto 3:1). Ang mga Kristyanong ito ay nakatuon ng mainam sa tao kaysa kay Jesus.

Kung pinapahalagahan ang ilang pinuno habang ang iba ay hindi, bumubuo ang mga grupo na humahati sa iglesia. Bunga ito ng pagiging imature. Kaya, inaanyayahan tayo ni Pablo na maging husto sa gulang kay Kristo (1 Cor. 2:6).

| Kulang sa panahon | | Husto sa gulang | |
|---|---|---|---|
|  | Gaya sila ng mga bata (1 Cor. 3:1) |  | Sila ay mga matanda (1 Cor. 14:20) |
|  | Ang pagkain nila ay gatas (1 Cor. 3:2) |  | Ang pagkain nila ay matitigas (Heb. 5:14) |
|  | Sila ay makalaman (1 Cor. 3:3) |  | Sila ay espiritwal (1 Cor. 2:13) |
|  | Nadadala sila sa mga opinyon ng iba (1 Cor. 3:4) |  | May espiritwal silang pag-unawa (1 Cor. 2:14) |

# PAGLILINGKOD AT KABABAAN

**"Ipalagay nga kami ng sinoman na mga ministro ni Cristo, at mga katiwala ng mga hiwaga ng Dios."** (1 Corinto 4:1)

Gaya ngayon, sa unang siglo ay nahahati ang mga tao sa politika, pilosopiya, relihiyon, at iba pang mga paniniwala. Paano natin maiiwasan pumasok sa iglesia ang ganitong kaisipan at lumikha ng pagkakahati?







Ang saloobin ng lider ay malaki ang tungkulin. Dapat malinaw sa mga lider ng iglesia ang kanilang tungkulin bilang katiwala. Hindi sila may-ari ng iglesia; pinangangasiwaan lang nila ito para kay Kristo.



Ang lider ng iglesia ay si Jesus, ang iba naman ay namumuno bilang "mga lingkod ni Kristo" (1 Cor. 4:1).




Ang lingkos na namumuno sa kumikilos kung paano kumikilos ang kanyang Panginoon: palaging handang ibigay sa sarili sa paglilingkod sa iba (Fil. 2:3-8).

Anong pagkakaisa magkakaroon sa iglesia kung ang lahat – hindi lang mga lider, ngunit bawat miembro – ay kumilos ng ganito?


# PAGGALANG SA MGA PINUNO

"Bukod dito'y kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawa't isa ay maging tapat." (1 Corinto 4:2)




Ang pagkakaroon ng grupo at paligsahan sa mga lider ay hindi nangangahulugang itatakwil na natin sila. Sa kabaliktaran, sinuportahan ni Pablo at ipinagtanggol ang ministeryo ni Apolo at ang kanyang gawain sa Corinto (1 Cor. 3:5-6; 4:6; 16:12).

Kung tapat ang mga lider, sila ay karapatdapat parangalan (1 Cor. 4:2; 1 Tim. 5:17). Ngunit kahit hindi makatanggap ng ganung parangal, nananatili silang tapat dahil alam nilang ang Dios mismo, hindi tao, ang maghuhukom sa kanila (1 Cor. 4:3-4).





Si Frank at Walter Bond ay mga unang misyonero sa Espanya. Namatay si Walter dahil sa pananampalataya nya doon sa Jaen noong 1914.

Sinusunod ng mga kristyanong lider si Jesus sa pagiging handa para sa kanilang mga kapatid, at kahit, kung kinakailangan, ay mamatay para sa kanilang ministeryo (1 Cor. 4:11-13; 2 Cor. 11:23-28).

Walang lider o miembro ang tinawagan upang mag-away o magtalo, ngunit upang magkaisa sa pagpuri kay Jesus at sa pangangaral ng mensahe ng krus.



"Walang ibang makakaperpekto ng pagkakaisa sa iglesia kundi ang espiritu ng pagtitiis gaya ng kay Kristo. Maaaring maghasik si Satanas ng pagkakabahagi; Si Kristo lang ang umaayos nga mga elementong hindi nagkakasundo.... Kung ikaw bilang manggagawa ng iglesia ay umiibig sa Dios ng higit sa lahat at ng iyong kapitbahay gaya ng sarili, ay walang kahiraphirap na magkaisa, magkakaroon ng pagkakaisa kay Kristo, ang mga taenga na nagrereport ay masasara, at walang magdadala ng paninira sa kanyang kapitbahay. Papahalagahan ng mga miembro ng iglesia ang pag-ibig at pagkakaisa at magiging gaya ng isang malaking pamilya. At maipapatotoo natin sa mundo na pinadala ng Dios ang Kanyang Anak sa sanlibutan."

**EGW (Reflecting Christ July 5)**